
2

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1.1: Telling and Writing Time Using Analog and Digital Clock



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1.1: Telling and Writing Time Using Analog and Digital Clock**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand* name, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mae Charlotte L. Battalao |
| **Editor:** | Milagros F. Bautista, PhD |
| **Tagasuri:** | Emelita DT. Angara |
| **Tagaguhit:** | Mae Charlotte L. Battalao |
| **Tagalapat:** | Mae Charlotte L. Battalao |
| **Tagapamahala:** | |
| | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio, PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas, EdD |
| | Nestor P. Nuesca, EdD |
| | Erleo T. Villaros, PhD |
| | Estrella D. Neri |
| | Milagros F. Bautista, PhD |

**<u>Inilimbag sa Pilipinas ng ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**
Office Address: Matalino St. Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
Email Address: region3@deped.gov.ph

2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1.1:
## Telling and Writing Time
## Using Analog and Digital Clock

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Matematika Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Telling and Writing Time Using Analog and Digital Clock.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Matematika Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Telling and Writing Time Using Analog and Digital Clock.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| Sanggunian | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay may mga gawain na susukat at lilinang sa iyong kaalaman tungkol pagbasa at pagsulat ng tamang oras.

Ang mga gawain sa modyul na ito ay magtuturo din sa iyo na maunawaan ang paggamit ng **analog at digital clock.**

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahan na:

- tells and writes time in minutes including AM and PM using analog and digital clocks. **(M2ME-IVa – 5)**

## *Subukin*

Panuto: Piliin ang tamang oras na isinasaad ng analog na orasan. Isulat ito sa sagutang papel.

1. 


9:00 | 9:30

2. 


8:20 | 8:00

3. 


12:05 | 12:00

4. 


6:00 | 6:10

5. 


5:40 | 3:00

| Aralin 1 | Telling and Writing Time Using Analog and Digital Clock |
|---|---|


Nahirapan kaba sa paunang pagtataya? Pamilyar ka ba sa tamang pagbasa at pagsulat ng oras? Ang analog at digital ay dalawang uri ng orasan. Sa modyul na ito ay mas lalalim pa ang iyong kaalaman tungkol sa oras.




## *Balikan*

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang wastong sagot sa bawat bilang.

1. Tuwing ika-4 ng hapon ay nagwawalis si inay sa aming bakuran. Alin sa dalawang analog clock ang oras ng pagwawalis ni inay?

   A.  B.  C.  D. 



2. Anong oras ang ipinapakita ng larawan? ____________

   A. 8:30 B. 6:45 C. 5:30 D. 9:30

3. Alin sa dalawang digital clock ang may oras na 10 minuto makalipas ang 5 oras ng umaga?

A. 

B. 





C. 

D. 


4.  Anong oras ang nasa larawan?

A. 2:30 B. 7:15 C. 3:35 D. 3:35

5. Anong orasan na nagsasabi ng oras na 7:25?

A.  B.  C.  D. 




*Mga Tala para sa Guro*

Maaring itanong sa mag-aaral kung nauunawaan ba niya ang konsepto ng mahaba at maikling kamay sa isang analog na orasan.

## *Tuklasin*

Ang oras ay isang mahalagang bagay na dapat matutuhan ng bawat isa. May dalawang uri tayo ng orasan una ay tinatawag na "analog clock" ikalawa ang "digital clock"


<u>Analog Clock</u>





Ang maikling kamay ay ang mga bilang na nasa loob mula 1 hanggang 12 ang binabasa. Ang mahabang kamay naman ay ang mga guhit na malilit ang binibilang.

Halimbawa, kapag ito ay nakaturo sa tapat ng 1 ang katumbas na minuto nito ay 5, kung sa 2 naman ay 10 na minuto, sa 3 ay 15 na minuto, sa 4 ay 20 minuto, sa 5 ay 25 na minuto, sa 6 ay 30 minuto, sa 7 ay 35 na minuto, sa 8 ay 40 na minuto, sa 9 ay 45 na minuto,10 ay 50 na minuto, sa 11 ay 55 na minuto at kung ito naman ay nakaturo sa 12 ay 00 na ang katumbas nito na maari din natin itong isulat o basahin bilang "**o'clock**"

Mga Halimbawa:




a. Ang oras na sa Analog Clock na ito ay 25 minuto makalipas ang 2 oras. Ito isinusulat na “2:25”



b. Si Kuya Lando ay nagsimulang magkumpuni ng sasakyan 10 minuto makalipas ang ika-8 ng umaga. Ito ay isinusulat na 8:10 AM.


Ang “AM” ay ginagamit kung ang oras ay isinasaad ng umaga.

<u>Digital Clock</u>




Sa digital clock naman ay mas madaling mabasa ang oras. Kung anong bilang ang makikita natin sa orasang ito ay ganun din ang sulat. Tulad na lamang ng nasa larawan. “**10:00**” o “**10 o’clock**”

**Halimbawa:**






Dahil sa haba ng biyahe si Nanay Lena ay nakauwi ng bahay tatlumpung minuto makalipas ang ika-3 ng hapon. Ito ay isinusulat na **3:30 PM**


Ang “PM” ay ginagamit kung ang oras na isinasaad ay hapon o gabi.

## Suriin


Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B ng bawat bilang. Hanapin at isulat sa sagutang papel ang katambal ng sinasabi ng analog clock papunta sa oras ng digital clock.


1. 


A. 


2. 


B. 


3. 

C. 


4. 

D. 


5. 

E. 

# Pagyamanin


Tingnan natin ngayon kung naunawaan mo ang tinalakay. Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

**A.** Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.


1. 15 minuto makalipas ang ika-11 ng umaga nagsimula si Mang Berto sa pagkukumpuni ng sirang upuan. Anong oras nagsimula si Mang Berto?
   A. 11:10 AM   B. 11: 25 PM   C. 11:10 PM   D. 11:15 PM
2. Natapos sa panunuod ng balita si nanay at tatay 30 minuto makalipas ang ikaanim ng gabi. Anong oras natapos manuod ng balita sila nanay at tatay?
   A. 6:30 AM   B. 6:30 PM   C. 7:30 PM   D. 7:30 AM
3. Umuuwi kami galing paaralan tuwing ika-4 at kalahati ng hapon. Anong oras kami umuuwi?
   A. 4:30 PM   B. 4:00 PM   C. 4:30 AM   D. 3:40 PM
4. Nakapasok si Lito sa paralan sa ganap na ika-7 ng umaga. Anong oras pumapasok si Lito?
   A. 7:10 AM   B. 7:00 PM   C. 7:30 AM   D. 7:00 AM
5. Pagpatak ng ika-3 ng hapon ang aking lola ay palaging nanalangin. Anong oras nanalangin ang lola?
   A. 3:00 AM   B. 3:10 AM   C. 3:00 PM   D. 3:20 PM

**B.** Panuto: Piliin ang angkop na unit sa bawat oras na isinasaad ng mga pangungusap. Kulayan ang tamang lobo ng dilaw sa sagutang papel.


1. Si Dona ay gumigising tuwing ika-6 ng umaga.





2. Tuwing ika-8 ng gabi ay natutulog na si Cyril.





3. Si Alex ay umuuwi sa kanila ng ika-3 ng hapon pagkatapos ng kanyang klase.




4. Ang mga mag-aaral ng ikalawang baitang ay nagmimiryenda tuwing ika-9 ng umaga.




5. Si itay at inay ay nanunuod ng balita tuwing ika-7 ng gabi.



**C.** Panuto: Pag-aralan ang limang digital clocks. Piliin ang mga sagot sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.




______1. Ang klase ni Rachel ay ika-7 ng umaga. Anong oras dapat siya nasa paaralan para hindi siya mahuli?

______2. Si Ben ay nagising ng ika-6 at kalahati ng umaga. Anong oras nagising si Ben?

______3. Si Mang Kanor ay pupunta sa bukid sa ika-8 ng umaga. Anong oras ang pinakamabuti na siya ay kumain ng agahan?

______4. Sa loob ng 30 minuto ay natapos ni nanay maglaba. Nagsimula si nanay maglaba ng ika-5 ng hapon. Anong oras natapos maglaba si nanay?

______5. Matapos ang 15 minuto ng ika-4 hapon ay nagsimula na si Ana na gumawa ng kaniyang proyekto. Anong oras siya nagsimula?

**D.** Panuto: Piliin ang tamang oras na isinasaad ng nasa larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. 

A. 11: 15  C. 11: 25

B. 11: 20  D. 11:30

2. 

A. 7:05  C. 1:07

B. 1:35  D. 7:10

3. 

A. 6:20  C. 4:20

B. 4:30  D. 2:30

4. 

A. 11:30  C. 11:45

B. 9:11  D. 9:55

5. 

A. 11:40  C. 10:40

B. 9:30  D. 10:40

# Isaisip

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| PM | AM |
| maikling kamay | analog clock |
| mahabang kamay | digital clock |

1. Ang isang uri ng orasan na may mahaba at maikling kamay ay ________________.
2. Ang nagsasabi ng minuto sa orasan ay ang ________________.
3. Ang nagsasabi ng oras sa orasan ay ang ________________.
4. Ang inilalagay sa dulo ng oras kapag ang isinasaad na oras ay hapon ay ________________.
5. Ang inilalagay sa dulo ng oras kapag ang isinassad na oras ay umaga ay ________________.

# *Isagawa*

Panuto: Basahin ang pag-uusap ni nanay at Maika sa ibaba. Sagutin at isulat sa iyong papel ang tamang sagot sa sagutang papel.



Mga tanong:

1. Anong oras mamimili sina nanay at Maika sa palengke?
   A. ika-6 ng umaga
   B. ika-7 ng umaga
   C. ika-8 ng umaga
   D. ika-10 ng umaga
2. Anong oras sila kumain ng almusal?
   A. ika-9 ng umaga
   B. ika-7 ng umaga
   C. ika-8 ng umaga
   D. ika-6 ng umaga
3. Mabuti ba sa bata ang nag-aalmusal? Bakit?
   A. opo, para hindi magutom.
   B. opo, para hindi masayang ang pagkain.
   C. opo, para may pagkunan tayo ng sustansya at lakas para sa mga gawain.
   D. opo, para po hindi ako mapalo ni nanay.
4. Anong oras nais ni Maika bumalik?
   A. ika-3 ng umaga
   B. ika-2 ng umaga
   C. ika-1 ng umaga
   D. ika-4 ng umaga
5. Ano ang nararamdaman mo kapag inutusan ka na iyong mga magulang?
   A. masaya
   B. malungkot
   C. natatakot
   D. kinakabahan

## *Tayahin*

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa oras na isinasaad ng bawat bilang. Isulat ito sa sagutang papel.

1. 30 minuto matapos ang ika-4 ng hapon.



A. 

B. 




C. 

D. 


2. Ika-6 ng umaga.

A. 
B. 
C. 
D. 

3. Ika-3 ng hapon.

A. 
B. 
C. 
d. 

4. 30 minuto makalipas ang ika-5 ng umaga.





A. 

B. 

C. 

D. 


5. 20 minuto makalipas ng ika-8 ng umaga.

A. 
B. 
C. 
D. 

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sagutin ng buong husay ang mga sumusunod na tanong at isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

1. Kung ikaw ay papasok sa paaralan at ayaw mong mahuli sa **flag ceremony** na nagsisimula tuwing ika- 7 ng umaga. Anong oras ka dapat dumating sa paaralan?
   A. 7:15 AM
   B. 7:00 AM
   C. 6:45 AM
   D. 7:30 AM
2. Sasamahan mo ang iyong tatay sa bukid sa ika- 5 ng umaga. Anong oras ka dapat gumising?
   A. 5:00 AM
   B. 5:30 AM
   C. 6:00 AM
   D. 6:30 AM
3. Si Nina ay magluluto ng isda para sa hapunan sa ganap na ika- 6 ng hapon. Anong oras siya dapat bumili ng isda?
   A. 5:00 PM
   B. 5:55 PM
   C. 6:00 PM
   D. 6:30 PM

4. Binigyan lamang si Sahara ng 45 na minuto ng kanyang ina para maglaro ng cellphone sa ganap na ika-5 ng hapon. Anong oras siya dapat tumigil sa paglalaro?
    A. 5:00 PM
    B. 5:15 PM
    C. 5:25 PM
    D. 5:45 PM
5. Mayroon lamang 15 minuto ang layo mula sa tahanan ni Sir Ruel patungo sa kanyang opisina. Kung si Sir Ruel ay umalis ng ika-7 ng umaga. Anong oras siya makakarating sa kanyang opisina?
    A. 8:00 AM
    B. 7:30 AM
    C. 7:00 AM
    D. 7:15 AM

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. 9:00
2. 8:00
3. 12:00
4. 6:00
5. 3:00

**Balikan**

1. b
2. a
3. a
4. b
5. b

**Suriin**

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D

**Pagyamanin**

**A**

1. d
2. b
3. a
4. d
5. c

**B**

1. am
2. pm
3. am
4. am
5. pm

**C**

1. 6:45 am
2. 6:30 am
3. 7:20 am
4. 5:30 pm
5. 4:15 am

**D**

1. c
2. a
3. d
4. c
5. b

**Isaisip**

1. Analog Clock
2. mahab ang kamay
3. maiksing kamay
4. P.M.
5. A.M.

**Isagawa**

1. b
2. d
3. c
4. c
5. a

**Tayahin**

1. c
2. b
3. b
4. c
5. a

**Karagdagang Gawain**

1. c
2. d
3. a
4. d
5. b

# *Sanggunian*

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Matematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog.* Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Matematics 2 Teacher's Guide Tagalog.* Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Gabay Pangkurikulum ng Matematika sa Baitang 2.* 2016. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Padilla, Danilo S., Rodrigo V. Pascual, Lolita p. Dacuba, Marivic M. Calelao, Dahlia L. Silvania at Maybellene A. Garlejo. 2013. *Matematics 1 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog.* Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Salazar, Jerome L., Thelma A. Cambas, Sioc Bee C. Azajar, and Roberto J. Degolacion. 2017. *Phoenix Math for the 21st Century Learners Grade 1 (2nd Edition) English.* Phoenix Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph